

ANG ALAALA NG APOY

Darwin Medallada

Tiniris ko ang upos na tinapon ng lalaki. Ganito ako palagi sa tuwing nakakakita ng mga upos ng sigarilyo. Upos na mayroon pang apoy. Maliit man o malaki. Nakatatak na sa isipan ko, na kahit saan man ako makakita ng ganito, kailangan kong tapakan ang upos para masigurong walang baga na puwedeng madikit sa isang bagay na maaring maging sanhi ng apoy. Hindi ko maalala kung kailan ako nagsimulang maging ganito: may takot sa mga piling bagay na pagsisimulan ng apoy. Halimbawa, kapag papalabas ako ng looban at may mga batang naglalaro ng posporo at nasa akto ng pagsisindi ng palito o kasalukuyang pinagmamasdan ang apoy mula sa nasusunog na plastic ng tsitsirya, lagi't lagi kong sinasabi na 'wag maglaro ng apoy dahil baka magkasunog. Kapag sinasaway ko ang mga bata, hindi ko alam kung mahinahon ba ako, takot o galit ang nararamdaman ko. Basta ang alam ko lang palaging may babala sa mga salita na binibitawan ko. Nagpapaalala na maraming mawawala kapag nagkasunog sa looban.

Ang malaking sunog na nangyari sa looban ang ugat ng lahat ng ito. Iyon lang at wala nang iba pang puwedeng sisihin sa takot ko sa apoy. 1998 nang masunog ang bahay namin dito sa Parañaque. Anim na taong gulang ako noon kaya kakaunti na lang na detalye ang naaalala ko ngayon. Malawak ang naging pinsala ng sunog. Magkakadikit na ang mga bahay sa looban. Malayo sa mga bahay ang bakanteng lote na may matataas na talahib na pinaniniwalaang tapunan noon ng mga sina-salvage at may nagpapakitang white lady tuwing gabi. Panahon din 'to ng pakikinoood namin ng TV sa mga kapitbahay.

Madaling araw nangyari ang sunog. Ayon na rin 'yon sa mama at tito ko. Mahimbing ang tulog naming magkakapatid. Si Leo (1), si Ismael (3) at ako (6), binabalibag na raw kami ng tito ko pero hindi pa rin kami magising sa pagkakatulog. Ang kuwento ni Tito Abner, nataon daw na kakauwi pa lang niya galing Marikina (nakipag-inuman ang sira) at nakasalubong ang mga taong nagtatakbuhan papunta sa ligtas na lugar habang dala-dala ang iba't ibang gamit sa bahay. Nagmadali rin siyang tumakbo, papunta sa amin. Hindi kami nagising ng mga kapatid ko. Kahit pa raw dalawa na sila ni Mama na nagtutulong sa panggigising sa amin. Noong gabing 'yon, wala si Papa sa bahay dahil ibinabyahe ang FX na bina-boundary-han. Wala pang nakatakdang ruta ang mga FX no'n kaya inisip nila mama na kung wala si Papa sa Manila, nasa Baguio ito o 'di kaya'y pumunta ng Bicol. Si Tito ang mag-isang nagbuhat sa aming tatlo. Sa magkabilang bisig niya kami inipit. Sa kaliwang bisig si Leo at Ismael at ako naman sa kanan. Kasama namin si mamang tumatakbo. Paulit-ulit na sinasabi na kunin ang pera sa aparador.

“Kunin mo 'yung pera do'n sa aparador. 'Yung mga centennial na isangdaan na inipon ko, sayang.” Ito ang linyang tumatak sa akin. Hindi nakuha ang pera sa aparador. Hindi nakita ni Tito.

Sa basketball court kami iniwan kasama ng iba pang kapitbahay na nagmamasid lang sa papalaking apoy. May mga mga umiiyak na, tumatakbo ang mga kaya pang bumalik sa bahay para magsalba ng ilang gamit. Si Tito, hindi ko nabilang kung ilang balik ang ginawa niya. Pero may mga naisalba siya. Ilang piraso ng damit at ang *Standard* electric stand fan na may kulay pink na elesi. May paso ng upos ng sigarilyo sa pindutan na number 3.

Hindi agad nakapasok ang bumbero kaya nahirapang mapatay ang sunog. Masikip ang eskinita, maikli ang hose at kulang ang suplay ng tubig. Naalala ko 'to dahil kinausap ng isa sa mga bumbero si Tito. Sinasabi na may mga bahay na hindi kayang maabot dahil maikli ang hose. Umalis na kami no'n pagkatapos. Kailangan daw magpunta sa elementary school dahil doon

ang evacuation center. Hindi kami tumuloy nang mabalitaan nila sa ibang kapitbahay na napuno na ang eskwelahan at wala nang puwedeng matulugan. Isa lang ang naisip puntahan ng karamihan para makapagpahinga. Sa Tulay.

Doon kami nagtipon-tipon kasama ng iba naming kapitbahay na wala rin halos naisalba. Damit na lang ang nadala namin sa Tulay dahil may nagnakaw ng electric fan namin. Bago sumikat ang araw, kaming mga bata, natulog kasama ng ibang matatanda. Umaga na nang magdesisyon ang iba na pumunta sa isa pang eskwelahan na mas malayo kung saan kami nakatira. Sa Parañaque Municipal High School, mas maluwa daw doon at tumatanggap pa ng evacuees. Kasama kami sa mga pamilyang nagpaiwan sa Tulay. Hindi kami sumama sa mga nagpunta sa kadahilanan na kailangang bantayan ang lupang hindi naman sa amin. Isa pa, wala kaming pera. Sunog lahat. Hinihintay rin namin si Papa. Umiiyak na si Leo dahil nagugutom na at wala kahit pambili ng gatas si Mama. Hindi pa siya nagtatago ng pera sa bra noon.

“Babalikan ko ang bahay, ‘te. Kapag ‘di na mainit,” sabi ni Tito kay Mama.

Pagkatapos, pumunta kami sa Manggahan. Hindi ganoon kalayo sa Tulay. Doon ay may silong kami kung sakaling umulan. Puwede ring doon muna pansamantala ayon sa mabait na Seaman na nakatira sa harap ng mga naglalakihang puno ng mangga.

Noong araw ding ‘yon, pagsapit ng tanghalian dumating si Papa. At may dalawang bagay akong narinig mula sa usapan ng matatanda.

“Sinunog ‘yung isang bahay. May nakakita raw do’n sa sumunog. Kaso ‘di na nahuli.” Ito ang isa pa sa hindi ko malilimutan. Lagi akong galit sa mga putanginang arsonista na kung magkakaroon lang ng pagkakataon na mahuli ang halimaw, susunugin ko rin sila at papanoorin kung paano sila mangisay habang sinusubukang patayin ang apoy sa kanilang katawan.

“May namatay.”

“Totoo? Ilan?”

“Sa lang.”

Sa pagtanda ko na malalaman na ang namatay pala’y isang matandang nag-iisa na lang sa buhay. Namatay daw habang natutulog.

Tirik na tirik na ang araw nang dumating si Papa. Ipinagtanong-tanong niya raw sa mga nakaligtas kung nakita raw ba kami at kung saan puwedeng maglagi. Niyakap niya nang niyakap sila Mama at ang mga kapatid ko pagdating. Nakiyakap na rin ako. Bumili siya ng ulam habang naghahanap sa amin kaya sabay-sabay kaming kumain. Menudo, sabi ni Papa. Menudo na noo’y patatas at carrots lang ang sahog.

Doon kami sa Manggahan tumira nang halos isang buong linggo. Mabait ang Seaman na laging nagbibigay ng lutong ulam at kanin sa amin. Palaging nakangiti at nakikipagkwentuhan kay Papa. Kinukumusta kaming mga bata.

Ang hirap-hirap kapag wala kang matirahan. Lalo na kung matutulog ka lang sa lupa na nalalatagan ng banig. May mga lubak at may mga nakausling bato. Pero noong unang araw na ‘yon, nakatulog ako agad. Sa mga susunod na araw maglalaro kami ng mga bata naming kapitbahay ng taguan at habulan na parang walang sakunang nangyari. Panay ang tawanan namin at panay rin ang saway ng matatandang hindi makatulog dahil sa ingay at hagikhikan naming mga bata.

Siksikan pa ang sardinas sa lata no’n. Alam ko dahil ‘yon ang madalas naming maging ulam. Kapag binuksan ni Mama o Papa ang sardinas, ako ang makikiusap na magtataktak sa mangkok ng laman. Matagal bago maglabasan sa lata ang matatabang sardinas na nagsisiksikan. Gustong-gusto ko ang sarsa na may pinigang kalamansi. Manamis-namis na maasim-asim. Pipisatin

ni Mama ang isang mangkok na kanin. Nagmumukhang marami iyon sa paningin namin. Susubuan niya kaming dalawa ni Ismael at kapag naubos, hahayaan niya ulit kaming lumayo sa kanya habang pinapaalalahanan na 'wag magpunta sa kalsada. At kapag naaalala ko, nalulungkot ako, hindi ko man lang kasi nakitang sumubo sa pagkain namin si mama.

Bumalik nga pala si Tito no'ng unang araw ng sunog. Hapon na niya pinuntahan ang bahay naming masuwerte at hindi nasira ng sunog ang mga pader at pundasyon. Eto pa rin ang pader ng bahay namin ngayon. Makikita pa rin ang marka ng pagkasunog sa labas.

Ikalimang araw na ang lumipas nang lagyan nila ng bubong ng mga tropa niya ang bahay. Nilinis at winalis ang mga abo at alikabok. No'ng nasiguro nila na ligtas nang bumalik sa mga bahay, isa-isang nanumbalik ang mga buhay sa looban. Unti-unting bumalik ang mga kapitbahay namin at inayos ang kanilang mga bahay. Tulungan sa pagbuo ng mga bahay. Bumalik din kami dahil kawawa naman daw ang mga bata, ito ang sabi ni Papa na madalas wala dahil kinakailangang magbyahe.

No'ng natapos na ang pag-ayos sa bahay namin, umalis si Tito at nagpaalam.

"Hanapin ko 'te 'yung electric fan." Matagal pa bago bumalik ang linya ng kuryente.

"Tanda mo naman itsura nu'n, Dawe 'di ba?" Tumango-tango ako.

"Sabihin mo nga sa akin kung ano."

"Kulay pink po 'yung elesi, Tito. Saka standard po 'yung tatak."

"Ano pa? Me natatandaan ka pa ba sa itsura?"

"May sunog po ng sigarilyo 'yung number three."

No'ng gabi ring 'yon, bumalik sa bahay namin ang electric fan. Pinuri-puri nila ako na ang galing-galing ko raw dahil natandaan ko kung anong itsura. Iyon ang isa sa magandang bagay na gustong-gusto kong manatili sa utak ko na kaugnay ng sunog. Hindi na ako pinuri ng mga magulang ko simula noon. Dahil hindi naman siguro kailangan ng papuri sa buhay, lalo na kung taga-looban ka. Hindi nakakain ang papuri. Sa kaso ko, isa ang sunog sa nagpatatag sa akin at nagpatigas sa akin bilang tao.

Pinapatay ko pa rin nga pala ang mga upos ng sigarilyong itinapon ng kung sino-sino. Basta nakikita kong may apoy, tinatapakan ko. Hindi puwedeng hindi. Kailangang siguraduhin na walang maaaring sigarilyong pagmulan ng apoy. Nag-aalala rin ako sa chewing gum na basta na lang dinudura sa kalsada. Ganito ang kuwentong naiisip ko na maaaring pagmulan ng sunog: may chewing gum na itinapon na dumikit sa sapatos o tsinelas ng taga-looban, may nagbabagang upos na kumapit sa chewing gum at maiaapak ang parehong bagay sa isa pang bagay na pagmumulan ng apoy. Muling matutupok ang mga bahay sa looban.

Siya nga pala, bago matapos itong sanaysay, gusto ko lang sabihin na sinubukan kong hanapin sa Google ang nangyaring sunog sa Area 7A, Fourth Estate, Parañaque City noong Mayo ng 1998. Wala akong nakitang kahit ano. Nasunog din siguro kasama ng mga alaala ng ibang taong hanggang ngayon ay nakatira rito. O baka hindi naman talaga nangyari 'to at ginagawa ko lang ang kuwento sa tuwing makakakita ako ng tao na nagtatapon ng upos ng sigarilyo.